

Para sa mga biktima ng stalker

-2021ver.-



Chiba Police

Ang ginagawa ng isang stalker

Ayon sa Anti-Stalking Act, upang bigyan ng katuparan ang kanyang pagnanasa tulad ng **kanyang pagmamahal** o **pagnanais**, o di kaya'y **galit na kanyang naramdaman dahil sa pagtangi sa kanyang pagnanasa**, ang paulit-ulit na pagsunod-sunod o iba pang gawain sa iyo o pamilya mo (halimbawa'y asawa, kamag-anak o iba pa) ay itinatakda bilang gawain ng stalker. Ang sino man gumawa ng alin man sa mga gawaing iyan ay mapaparusahan.

Pagsunod-sunod · Pag-aabang · Pagpunta nang walang paalam · Paglilibot

- Ang palaging pagsunod-sunod sa iyo.
- Ang pagbabantay o pagmamasid sa iyo sa iyong bahay, pinagtatrabuhan, eskuwelahan o iba pang lugar.
- Ang pag-aabang sa iyo sa mga lugar na dinadaan o pinupuntahan bago ka makarating sa iyong eskuwelahan o pinagtatrabuhan.
- Ang pagharang sa iyong dinadaan.
- Ang pagpunta sa iyong bahay, pinagtatrabuhan, eskuwelahan o iba pang lugar nang walang pahintulot.
- Ang sadyang paglilibot sa kalapitan ng iyong bahay o iba pang lugar.

Ang pagpaparamdam na palagi siyang nagbabantay sa iyo

- Pagkauwi mo ng iyong tahanan ay agad ka niyang tinatawagan para iparamdam sa iyo na alam niya na ikaw ay nakauwi na.
- Pinapadalhan ka ng E-mail, o di kaya'y tinatawagan para ibigay ang mga detalye tungkol sa iyong kasuutan o ginawa mo sa araw mismo ng kanyang pag-tawag o pag-E-mail sa iyo.
- Sa madalas mong ginagamit na Internet blog, siya ay sumusulat ng mga bagay-bagay tungkol sa iyo na walang nakakaalam maski sino.

Paghiling ng pahintulot sa pagdalaw, pakikipagrelasyon o iba pa

- Paulit-ulit pa rin siyang humihiling ng pagdalaw, pakikipagrelasyon o pakikipagbalikan, kahit ito'y tinatangihan mo.
- Siya ay nagpapadala ng mail, sulat o iba pang bagay para sa kanyang kahilingan ng pagdalaw o pakikipagrelasyon.
- Siya ay nagpapadala ng regalo nang walang pahintulot at pinipilit niyang tanggapin mo ito.

Magaspang na pananalita at gawain

- Siya ay nagbibitaw ng malalaswang salita sa iyo tulad ng “Bakayaro” o iba pa sa malakas na boses.
- Siya ay tumatawag sa iyo at pagalit na gumagamit ng malalaswang salita.
- Siya ay kumikilos nang magaspang tulad ng pagsigaw, o di kaya'y pagbubusina ng kotse sa harap ng iyong bahay.

Pagtawag sa telepono nang hindi nagsasalita · Paulit-ulit na pagtawag · FAX · E-mail · SNS o iba pawalang-tigil na pagtawag

- Ang pagtawag sa telepono nang hindi nagsasalita ay nagdudulot ng alalahanin sa iyo.
- Kahit tumatangi ka, paulit-ulit siyang tumatawag sa iyong tahanan, cellphone, kompanya o iba pa.
- Kahit tumatangi ka, paulit-ulit pa rin siyang nagpapadala sa iyo ng E-mail, SNS message o Fax. At siya ay nagbibigay ng komento o iba pang bagay sa iyong blog o iba pa.

Pagpapadala ng mga nakakadiring bagay

- Ang pagpapadala o pag-iiwan ng nakakasuklam o nakakadiring bagay tulad ng patay na hayop o iba pa sa harap ng iyong bahay, o di kaya'y sa pinagtatrabuhan mong kompanya.
- Ang paglalagay ng dumi, ihi o iba pa sa iyong sasakyan.

Paninira ng reputasyon

- Ang paninira ng puri mo, ang pagbabalita o pagpapadala ng liham upang masira ang iyong reputasyon at pangalan.
- Ang pagsusulat sa Internet o iba pang lugar upang masira ang iyong reputasyon.
- Ang pagdidikit ng mga paskil o iba pa sa iyong mga kapit bahay at kapaligiran upang masira ang iyong pangalan.

Pagpapahiya sa sexual na bagay


- Ang pagpapadala sa iyong tahanan ng malaswang litrato o recording media kung saan nakalagay ang datos na malaswang bagay o di kaya'y pag-u-up load ng malaswang bagay tungkol sa iyo sa Internet blog.
- Ang pagtawag sa telepono, o di kaya'y pagpapadala ng sulat na nagsasaad ng pang-iinsulto at malalawang salita.
- Ang pagpapahiya sa sexual na bagay na nagiging sanhi ng paninira ng katahimikan mo at pag-iisip(maski hindi naman kahalayan o kabastusan).

Pagkuha ng location information sa pamamagitan ng GPS

Pagkakabit ng GPS device at iba pa

- Sa pamamagitan ng GPS device o application ng location information, pagkuha ng location information nang walang pahintulot mula sa iyo
- Palihim na pagkakabit ng GPS device sa iyong sasakyan nang walang pahintulot mula sa iyo
- Pagbibigay ng bagay na palihim na kinabitan ng GPS device nang walang pahintulot mula sa iyo

Ang responde sa ikinukonsultang bagay tungkol sa



Suporta na itinakda sa batas

- Pagbibigay ng instruction tungkol sa pangsariling protection
- Pagkontak para ayusin at maiwasan ang pananakit
- Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa insutitusyon na susuporta sa iyo
- Pagpapagamit ng police facility para sa negotiation
- Pagpapaliwanag tungkol sa paraan ng paggamit at pagpapahiram ng crime-prevention equipment
- Paggawa ng paraan para hindi malaman ang iyong address

Iba pang protection

- Priority Caller Registration System
- Pansamantalang paglikas mula sa sariling tahanan
- Dagdagan ang pagpapatrol sa kapaligiran
- Paghingi ng suporta sa pamilya ng stalker para bantayan siya
- Paghingi ng suporta sa pinagtatrabuhan, eskuwelahan o iba pang lugar na may kinalaman sa iyo

Priority Caller Registration System
 Kung ikaw ay tatawag sa 110 (police emergency number) na gamit ang telephone number na nakarehistro sa pulis ay agad namin malalaman na ang caller ay ang biktima ng stalker. Kaya, agad kaming makapagpapadala ng patrol car sa iyo.

Important Point

- Tanggihan mo siya nang tuwiran at palitan ang numero ng iyong telepono at E-mail address.
- Bago lumubha ang pangyayari, mainam ang mas maagang pagbibigay ng babala o pag-aresto.
- Para sa pag-file ng kaso o pagbibigay ng babala, itala mo ang ginawa niya. Halimbawa ay i-save ang text o iba pa.
- Para protektuhan ang buhay mo laban sa stalker, humingi ka ng tulong sa iyong pamilya, kasamahan sa trabaho o iba pang tao na malapit sa iyo.

Maliban sa Anti-Stalking Act, puwede ring gamitin ang ibang batas para hulihin ang isang stalker na nakagawa ng paglabag sa batas katulad ng karahasan, kapinsalaan sa katawan o iba pang pagkakasala.

Memo

Kung gusto ninyong kumonsulta sa pulis, tumawag kayo sa pinakamalapit na pulis.